Social Security

# Pag-unawa Sa Mga Benepisiyo

2012

www.socialsecurity.gov

## Tawagan ang Social Security

### Bisitahin ang aming website

Ang aming website, ***www.socialsecurity.gov***, ay napaka-mahalagang mapag-kukunan ng kaalaman tungkol sa lahat ng mga palatuntunan ng Social Security. Sa aming website, maaari ka ring:

- Mag-apply para sa pagreretiro, pagkakabalda, at mga benepisyong Medicare;
- Makuha ang address ng lokal na tanggapan ng iyong Social Security;
- Repasuhin ang iyong *Statement ng Social Security*;
- Humiling ng kapalit na Medicare card; at
- Maka-hanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon.

Ang ilan sa mga serbisyong ito ay makukuha sa Ingles.

### Tumawag sa aming libreng numero

Dagdag pa sa paggamit ng aming website, maaari ka ring tumawag sa amin ng libre sa **1-800-772-1213**. Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang mga awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika o interpreter upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Sa pangkalahatan, hindi mo na kailangang maghintay nang matagal kung ikaw ay tatawag sa loob ng linggo matapos ang Martes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kang tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

## Ano ang nasa loob


Social Security: Isang simpleng konsepto . . . . . . . . . . . . . 4

Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa Social Security habang ikaw ay nagtatrabaho . . . . . . . . . . . . . . . . 7

Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa mga benepisiyo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 9

Mga benepisyo para sa iyong pamilya . . . . . . . . . . . . . . . . 14

Kapag handa ka nang mag-apply para sa mga benepisiyo. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 16

Programa para sa Karagdagang Kitang Pangseguridad (Supplemental Security Income, SSI) . . . 18

Ang karapatang mag-apela . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 19

Medicare . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 19

Mga ilang katotohanan tungkol sa Social Security . . . . 22

## Social Security: Isang simpleng konsepto

Naaabot ng Social Security ang halos lahat ng pamilya at, sa mga darating pang taon, makikipag-alam ito sa halos lahat ng mga mamamayan ng Estados Unidos.

Tumutulong ang Social Security hindi lamang sa mga matatandang Amerikano, kundi pati na rin sa mga manggagawang nagkaroon ng kapansanan, at sa mga pamilyang namatayan ng asawa o magulang. Ngayon, halos 159 milyong tao ang nagtatrabaho at nagbabayad ng buwis sa Social Security at humigit-kumulang sa 55 milyong tao ang tumatanggap ng mga benepisiyo buwan-buwan mula sa Social Security.

Karamihan sa mga nakikinabang sa amin ay mga taong retirado na at ang kani-kanilang mga pamilya—humigit-kumulang sa 38 milyong katao.

Ngunit hindi kailanman binalak ng Social Security na sila ang magiging katangi-tanging pagmumulan ng kita ng mga taong magreretiro. Tinutustos ng Social Security ang halos 40 porsiyento ng kita ng karaniwang taong kumikita pagkatapos magretiro, at ayon sa karamihan ng mga tagapayo sa pananalapi, kakailanganin ng mga retirado ang 70 porsiyento o higit ng kanilang kinita bago sila nagretiro upang maginhawang mamuhay. Upang makaretiro nang maginhawa, nangangailangnan ang mga mamamayan ng Estados Unidos ng higit pa sa Social Security lamang. Kailangan din nila ng mga pansariling sustento (private pensions), mga perang inipon (savings) at mga pinuhunan (investments).

Ninanais ng Social Security Administration (Pangasiwaan ng Social Security) na maintindihan mo kung ano ang kanilang magagawa para sa iyong pananalapi at sa pananalapi ng iyong pamilya sa kinabukasan. Ipinapaliwanag nitong lathala, *Pag-unawa sa mga Benepisiyo,* ang mga panimulaing panuntunan ng mga programa ng Social Security sa pagretiro, at sa pagseseguro ng mga taong may kapansanan at ng mga nabalo at naulila.

Ganito ang kasalukuyang paraan ng Social Security: binubuwisan ka ng Social Security kapag ikaw ay nagtatrabaho. Ang perang natanggap sa pagbubuwis ay ginagamit sa pagbayad ng mga benepisiyo sa:

- Mga taong retirado;
- Mga taong may kawalang-kaya;
- Mga nabalo at mga naulila ng mga manggagawang namatay; at
- Mga sustentado ng mga nakikinabang.

Ang perang ibinayad mo bilang buwis ay hindi inilalagay sa pansariling account na iyong gagamitin kapag kuwalipikado ka nang tumanggap ng mga benepisiyo. Ginagamit na ngayon ang iyong mga buwis upang mabayaran ang mga taong kasalukuyang tumatanggap ng mga benepisiyo. Anumang perang hindi nagamit ay mapupunta sa trust fund (pinapanaligang nakalaang gugugulin), hindi sa pansariling kwenta na nasa iyong pangalan.

## Ang Social Security ay hindi lamang pagreretiro

Iniisip ng maraming tao na ang Social Security ay programa sa pagreretiro lamang. Bagama't totoo na karamihan sa mga taong nakakatanggap na ng Social Security ay tumatanggap ng mga benepisiyo sa pagreretiro, marami-rami ang nakakakuha ng Social Security sapagkat sila ay:

- May kapansanan; o
- Asawa o anak ng taong tumatanggap ng Social Security; o
- Asawa o anak ng manggagawang binawian na ng buhay; o
- Sustentadong magulang ng manggagawang binawian na ng buhay.

Depende na rin sa iyong mga kalagayan, maaari kang maging nararapat para sa Social Security anuman ang iyong edad. Sa katotohanan, higit sa alinmang iba pang programa ng pamahalaan, ang Social Security ay nagbabayad ng mas maraming benepisiyo sa kabataan.

## Ang mga buwis na ibinabayad mo sa Social Security

Ang mga buwis na ibinabayad mo at ng iba pang mga manggagawa sa sistema ng Social Security ay ginagamit ng Social Security sa pagbayad ng mga benepisiyo.

Nagbabayad ka ng mga buwis sa Social Security sa iyong mga kinikita hanggang sa isang tiyak na halaga. Sa 2012, iyong halaga ay $110,100.

## Ang mga buwis na ibinabayad sa Medicare

Nagbabayad ka ng buwis sa Medicare sa lahat ng iyong suweldo o sa mga netong kinikita mo mula sa pagsilbi sa iyong sarili (self-employment). Itong mga buwis ay ginagamit sa pagbigay ng Medicare ng sakop.

| Kung nagtatrabaho ka para sa ibang tao | Buwis sa Social Security sa taong 2012 | Buwis sa Medicare |
|---|---|---|
| Ikaw ay nagbabayad ng | 4.2% | 1.45% |
| Ang iyong pinaglilingkuran ay nagbabayad ng | 6.2% | 1.45% |
| **Kung sinisilbihan mo ang iyong sarili (self-employment)** | | |
| Ikaw ay nagbabayad ng | 10.4% | 2.9% |

## Saan napupunta ang perang iyong ibinabayad sa Social Security

Kapag ikaw ay nagtrabaho, 0.85 sentimo ng bawat dolyar na ibinabayad mo sa Social Security ay napupunta sa trust fund (laang gugugulin) na nagbabayad ng mga buwanang benepisiyo sa mga kasalukuyang retirado at sa kani-kanilang mga pamilya at sa mga nabalo at sa mga naulilang anak ng mga manggagawang binawian na ng buhay. Ang natitirang 0.15 sentimo ay inilalagay naman sa laang gugugulin na nagbabayad ng mga benepisiyo sa mga taong may kapansanan at sa kanilang mga pamilya.

Mula sa mga laang gugugulin ito, binabayaran din ng Social Security ang mga gastusing pamamalakad ng mga programa ng Social Security. Ang Pangasiwaan ng Social Security ay isa sa mga pinaka may-kakayahang sangay ng pamahalaang federal, at araw-araw, sinisikap naming mapabuti ito. Magmula sa bawat dolyar na iyong ibinabayad sa Social Security, nagkakagastos lang kami ng wala pa sa isang sentimo sa pangangasiwa ng programa.

Ang kabuuang halaga ng mga buwis na ibinabayad mo sa Medicare ay inilalagay sa isang inilalaang gugugulin na nagbabayad sa ilan sa mga gastos ng ospital at kaugnay na pangangalaga ng lahat ng mga benepisiyaryo ng Medicare. Ang Medicare ay pinamamahalaan ng Centers for Medicare and Medicaid Services (Mga Sentro ng mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid), at hindi ng Social Security.

# Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa Social Security habang ikaw ay nagtatrabaho

## Ang iyong numero sa Social Security




Ang iyong kaugnayan sa Social Security ay ang numerong ibinigay sa iyo nito. Kakailanganin mo ito upang makakuha ng trabaho at upang magbayad ng mga buwis. Ginagamit namin ang iyong numero sa Social Security upang masubaybayan ang iyong mga kinikita habang ikaw ay nagtatrabaho at upang masubaybayan mo ang iyong mga benepisiyo pagkatapos mong maumpisa ang pagtanggap ng mga benepisiyo mula sa Social Security.

Huwag mong dadala-dalahin ang iyong tarheta mula sa Social Security. Mag-ingat ka sa pagbigay sa ibang tao ng iyong numero mula sa Social Security sa. Ang pagnakaw ng pagkakakilanlan ay isa sa mga pinakamabilis na dumaraming krimen sa ngayon. Pinakamadalas ginagamit ng mga magnanakaw ng pagkakakilanlan ang iyong numero sa Social Security at ang iyong mahusay na talaan upang makapag-apply para sa karagdagang pangungutang gamit ang iyong pangalan. Pagkatapos ay ginagamit nila ang mga credit card upang bumili ng mga bagay para sa kanilang sarili, na hindi naman nila binabayaran ang mga singil.

Ang iyong numero sa Social Security at ang aming mga talaan ay lihim. Kung may ibang taong hihiling sa amin ng impormasyon tungkol sa iyo na alam namin, hindi namin basta ibibigay ang anumang impormasyong ito nang walang nakasulat na pahintulot mula sa iyo, maliban na lang kung may pag-aatas o mayroon kaming kapahintulutan mula sa batas.

Makipag-ugnay sa amin kung kailangan mo ng numero mula sa Social Security, kung naiwala mo ang iyong tarheta at kung mangailangan ka ng kapalit, o kapag pinalitan mo ang iyong pangalan sa iyong pangkasalukuyang tarheta. Hihilingin naming buuin mo ang simpleng pormularyo na isang pahina lamang at pihadong hihilingan ka rin namin ng ilang tiyak na katunayan. Kakailanganin naming makita ang mga orihinal o mga kopyang pinagtibay ng tanggapang nagbigay ng dokumento. Hindi kami maaring tumanggap ng mga photokopya o ng mga ipinanotaryong kopya ng mga katunayan.

Upang makakuha ng isang numero mula sa Social Security o kapalit na tarheta, kakailanganin mong patunayan na ikaw ay mamamayan ng Estados Unidos o ang iyong pang-darayuhang katayuan, edad at pagkakakilanlan. Para naman sa kapalit na tarheta, ang katunayan ng iyong pagkamamamamayan ng Estados Unidos at ang iyong edad ay hindi na kailangan pa kung ang mga ito ay nakatala na sa amin. Mga ilang tiyak na katibayan lang ang tatanggapin namin sa pagpapatunay ng iyong pagkamamamamayan ng Estados Un idos. Kabilang na dito ang iyong katibayan ng kapanganakan sa Estados Unidos, ang inyong U.S. passport, ang katibayan ng pagkanaturalisado (Certificate of Naturalization), o katibayan ng pagkamamamamayan (Certificate of Citizenship). Kung ikaw ay hindi mamamayan ng Estados Unidos, naiibang mga alituntunin ang nauukol para mapatunayan ang iyong pang-darayuhang katayuan.

Kabilang sa mga tinatanggap na katibayan ng mga pagkakakilanlan ang pang-kasalukuyan mong katibayan na nagpapakita ng iyong pangalan, kaalaman ng iyong pagkakakilanlan at, mas magugustuhan namin kung may larawan ka na kakukuha mo pa lang, gaya ng iyong lisensiya sa pagmamaneho o isang tarhetang ng pagkakakilanlan na hindi maaaring gamitin sa pagmamaneho na ipinagkaloob sa iyo ng estado.

Sa pag-apply upang mapalitan ang iyong pangalan sa iyong Social Security card, Kailangan mong magpakita ng katibayan na kamakailan lang ipinagkaloob sa iyo na may kautusan mula sa batas na nagpapatunay na nabago ang iyong pangalan.

Tiyaking ligtas ang iyong Social Security card. Sa loob ng isang taon, makakakuha ka ng kapalit na tarheta hanggang tatlong beses lamang, at sa iyong buong buhay hanggang sampung beses lamang. Ang mga legal na pagpalit ng pangalan at ang mga iba pang taliwas na kaukulan ay hindi ibinibilang patungo sa mga hangganan. Halimbawa, hindi maaring mabilang sa mga hangganang ito ang mga pagpalit ng hindi pang-darayuhang katayuan. At saka, maaaring hindi naaangkop sa iyo ang mga hangganang ito kung mapatunayan mo sa amin na kailangan mo ang tarheta upang hadlangan ang isang malaking paghihirap.

Para sa karagdagang kaalaman,humingi ng kopya ng *Ang Iyong Numero at Tarheta ng Social Security,* (Publikasyon Blg. 05-10002-TL). Kung ikaw naman ay hindi mamamayan, maari ka ring humingi ng kopya ng *Mga Numero ng Social Security para sa mga Hindi Mamamayan* (Publikasyon Blg. 05-10096-TL).

Libre ang lahat ng aming mga paglilingkod na may kaugnayan sa social security card. Kailanman, ang Social Security ay hindi nagpapabayad sa mga paglilingkod na may kaugnayan sa social securit card na aming ipinagkakaloob.

## Papaano kang nagkaroon ng karapatan para sa Social Security

Habang ikaw ay nagtatrabaho at nagbabayad ng mga buwis, kumikita ka ng mga “credits”sa Social Security. Sa 2012, kikita ka ng isang credit para sa bawat $1,130 na kinita mo hanggang sa maabot mo ang pinakamataas na apat na credit bawat taon. (Ang halaga ng kailangan mong kitain upang kumita ng isang credit ay kadalasan tumataas taon-taon.)

Ang karamihan ng tao ay nangangailangan ng 40 credits (10 taon ng trabaho) upang maging nararapat para sa mga benepisiyo. Mas kaunti ang kailangang credit ng mga nakababata upang maging nararapat sa disability benefits (mga benepisiyo para sa mga may kapansanan) o ng mga miyembro ng pamilya na nabalo o naulila ng manggagawang binawian ng buhay para sa mga survivors benefits.

## Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa mga benepisiyo

Kapag ikaw ay nagretiro, nagkaroon ng kapansanan o namatay, pinapalitan ng mga benepisiyo ng Social Security ang isang porsiyento ng iyong mga kinita Ang iyong benefit payment (benepisyong ibinabayad sa iyo) ay batay sa iyong kinita sa buong itinagal ng iyong karera sa trabaho. Ang mas malaking kita ay magreresulta sa mas mataas na benepisyo. Kung hindi ka nagtrabaho ilang taon o mababa ang iyong kita, maaaring mas mababa ang halaga ng iyong benepisiyo kaysa kung nagtrabaho ka nang walang tigil taon-taon.

## Mga benepisiyo sa pagreretiro

Ang pagpili kung kailan magreretiro ay isa sa pinakamahalagang pasiya na iyong gagawin sa iyong buong buhay. Kung pipiliin mong magretiro kapag naabot mo ang iyong kabuuang edad ng pagreretiro (full retirement age), tatanggapin mo ang buong halaga ng iyong benepisiyo. Ngunit kung magreretiro ka bago maabot mo ang ang kabuuang edad

ng pagreretiro, mas mababa ang mga benepisiyong iyong tatanggapin. Nalilista ng sumusunod na talangguhit ang kabuuang edad ng pagreretiro ayon sa taon ng kapanganakan.

## Buong edad ng pagreretiro

Kung ipinanganak ka sa pagitan ng 1943 at 1960, ang edad kung kailan maaring makatanggap ng buong benepisiyo ay unti-unting tumataas hanggang sa edad 67. Kung ipinanganak ka noong 1945 o mas maaga pa rito, ikaw ay nararapat nang tumanggap ng buong benepisiyo mula sa Social Security. Sa tulong nitong sumusunod na talangguhit, matitiyak mo ang iyong buong edad ng pagreretiro.

| Taon ng kapanganakan | Buong edad ng pagreretiro |
|---|---|
| 1943-1954 | 66 |
| 1955 | 66 at 2 buwan |
| 1956 | 66 at 4 na buwan |
| 1957 | 66 at 6 na buwan |
| 1958 | 66 at 8 buwan |
| 1959 | 66 at 10 buwan |
| 1960 o mas huli pa rito | 67 |

***PAUNAWA:*** *Bagaman tumataas ang buong edad ng pagreretiro, dapat ka pa ring (mag-apply para sa mga benepisiyo ng Medicare tatlong buwan bago ang iyong ika-65 na kaarawan. Kung ipagpapaliban mo ang pag-apply, maaaring mas malaki ang iyong gagastusin para sa Medicare medical insurance (Part B) at prescription drug coverage (Part D) (segurong medikal at seguro para sa iniresetang gamot).*

## Ipinagpaliban na pagreretiro

Kung pipiliin mong ipagpaliban ang pagtanggap ng mga benepisiyo pagkatapos mong naabot ang iyong buong edad ng pagreretiro, ang iyong benepisiyo ay tataas ng may katiyakang porsiyento, batay sa taon ng iyong kapanganakan. Ang itinaas ay kusang idadagdag bawat buwan sa simulang maabot mo ang buong edad ng pagreretiro hanggang sa simula ng iyong pagtanggap ng mga benepisiyo o maabot mo ang edad na 70, anuman dito ang mauna. Ang porsiyento ng

pagtaas ay batay sa kung kailan ka ipinanganak. Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa ipinagpalibang credit sa pagreretiro, pumunta sa ***www.socialsecurity.gov.retire2.delayret.htm.***

## Maagang pagreretiro

Maari kang magsimulang tumanggap ng mga benepisiyo kasing-aga ng taong masapit mo ang edad na 62. Subali't mababawasan ang iyong mga benepisiyo kung maaga mong sisimulain ang pagtanggap ng iyong mga benepisiyo. Ang iyong benepisiyo ay babawasan ng humigit-kumulang kalahati ng isang porsiyento bawat buwan na sinimulan mo ang pagtanggap ng Social Security bago mo naabot ang iyong buong edad ng pagreretiro. Halimbawa, kung ang iyong buong edad ng pagreretiro ay 66 at nagpatala ka sa Social Security noong ikaw ay 62, 75 porsiyento ng iyong buong benepisiyo ang iyong tatanggapin.

***PAUNAWA:*** *Mas malaki pa ang babawasin sa mga darating pang taon habang tumataas ang buong edad ng pagreretiro.*

## Kung ikaw ay nagtatrabaho at tumatanggap ng mga benepisiyo

Maari kang patuloy na magtrabaho at makakatanggap ka pa rin ng mga benepisiyo sa pagreretiro. Hindi babawasin ng iyong mga kita sa (o matapos ng) buwan na naabot mo ang edad ng buong gulang ng pagreretiro ang iyong mga benepisiyo mula sa Social Security. Sa katunayan, maaaring tumaas ang iyong mga benepisiyo kung ikaw ay magtatrabaho pagkatapos mong masapit ang buong gulang ng pagreretiro. Subalit, ang iyong mga benepisiyo ay mababawasan kung ang iyong mga kikitain ay hihigit sa mga tiyak na hangganan para sa mga buwan bago mo naabot ang iyong buong edad ng pagreretiro.

Kung ikaw ay magtatrabaho ngunit magsisimulang tumanggap ng mga benepisiyo bago mo masapit ang buong edad ng pagreretiro, para sa bawat $2 na iyong kikitain higit sa taunang hangganan, $1 ang ibabawas mula sa iyong mga benepisiyo. Nitong 2012, ang hangganan ay $14,640.

Sa taong maabot mo ang buong edad ng pagreretiro, ang iyong mga benepisiyo ay babawasan ng $1 para sa bawat $3 na iyong kikitain na higit sa naiibang taunang hangganan ($38,880 sa taong 2012) hanggang sa buwan na maabot mo ang buong edad ng pagreretiro.

Kapag maabot mo na ang buong edad ng pagreretiro, maari kang patuloy na magtrabaho at hindi mababawasan ang iyong mga benepisiyo mula sa Social Security, gaano man kalaki ang iyong kikitain.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa kung paano aaapektuhan ng iyong kita ang iyong mga benepisiyo, tawagan kami at humiling ng kopya ng *Papaano Naaapektuhan ng Trabaho ang mga Benepisiyo* (Publikasyon Blg. 05-10069-TL).

***PAUNAWA:*** *May kakaibang alituntunin sa mga kita ang mga taong nagtatrabaho at tumatanggap ng kabayaran para sa kapansanan o Supplemental Security Income. Dapat nilang iulat sa Social Security kaagad ang lahat ng kanilang mga kita magkano man ang kanilang kikitain.*

## Mga benepisiyo sa pagreretiro para sa mga nabalo

Kung bilang nabalo tumatanggap ka ng mga benepisiyo, maari mo itong ipagpalit sa sarili mong benepisiyo sa pagreretiro kapag masapit mo ang edad na 62, kung ang iyong benepisiyo sa pagreretiro ay higit sa halagang tinatanggap mo sa mga kinita ng namatay mong asawa. Ang mga alituntunin ay napakagulo at magkakaiba depende na rin kung ano ang iyong kalagayan, kaya't kausapin mo ang kinatawan ng Social Security tungkol sa iyong mga mapagpipilian.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisiyo sa pagreretiro, humingi ng kopya ng *Mga Benepisiyo sa Pagreretiro* (Publikasyon Blg. 05-10035-TL).

## Mga benepisiyo para sa may kapansanan

Kung hindi ka nakapagtatrabaho sa kadahilanang pangkatawan o pangkaisipang kalagayan na inaasahang mananatali ng humigit-kumulang isang taon man lang o magiging kadahilanan ito ng kamatayan, maaaring ikaw ay karapat-dapat para sa mga benepisiyo ng Social Security para sa may kapansanan.

Ang aming mga alituntunin tungkol sa kapansanan ay naiiba sa mga alituntunin ng mga planong pansarili o ng mga ahensiya ng pamahalaan. Kahit kwalipikado ka para sa mga benepisyo dulot ng iyong kapansanan, hindi nangangahulugang ikaw ay kwalipikadong tumanggap ng mga disability benefits mula sa Social Security. At ang kasulatan mula sa iyong doktor na nagsasabing ikaw ay may kawalang-kaya ay hindi nangangahulugang kusa kang magkakaroon ng karapatan para sa mga Social Security disability benefits. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Social Security disability benefits, humingi ng kopya ng *Mga Benepisiyo Para sa May Kapansanan*, (Publikasyon Blg. 05-10029-TL). Maari ka ring mag-apply online para sa mga benepisiyo para sa may kapansanan sa ***www.socialsecurity.gov/applyfordisability***.

Ang mga taong may kapansanan, kabilang ang mga kabataan, na maliit ang kita at kakaunti ang mga ari-arian, maaari ring karapat-dapat sa mga pagbabayad para sa kapansanan sa pamamagitan ng programa ng Supplemental Security Income (SSI). Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa SSI, humingi ng kopya ng *Karagdagang Kitang Pangseguridad (SSI)*, (Publikasyon Blg. 05-11000-TL).

Kung ikaw ay nagkaroon ng kapansanan, dapat kang mag-file sa lalong Madaling panahon para sa mga benepisiyo para sa may kapansanan, dahil karaniwang inaabot ng ilang buwan ang paglalakad ng disability claim. Maaari naming lakarin ang iyong claim nang mas mabilis kung maipapakita mo ang mga sumusunod kapag ikaw ay mag-a-apply):

- Mga medical records at petsa ng paggamot mula sa iyong mga manggagamot, therapist, ospital, klinika at caseworker
- Ang iyong mga resulta mula sa laboratoryo at ibang mga pagsusuri;
- Ang mga pangalan, address at numero ng telepono at fax ng iyong mga manggagamot, clinic at ospital;
- Ang mga pangalan ng lahat ng mga gamot na iyong iniinom; at
- Ang mga pangalan ng iyong mga pinaglilingkuran at iyong mga tungkulin sa trabaho nitong mga nakaraang 15 taon.

## Maaaring buwisan ang iyong mga benepisiyo

Mangilan-ilang mga taong tumatanggap ng Social Security ang Kakailanganing magbayad ng mga buwis sa kanilang mga benepisiyo. Kulang-kulang sa maisa-ikatlo ng aming mga kasalukuyang nakikinabang ang nagbabayad ng mga buwis sa kani-kanilang mga benepisiyo.

Nararapat kang magbayad ng mga buwis sa iyong mga benepisiyo kung ikaw ay naghahain ng federal tax return bilang "individual" at ang iyong kabuuang kita ay higit sa $25,000. Kung ikaw ay naghahain ng joint return, dapat kang magbayad ng mga buwis kung ikaw at ang iyong asawa ay may kabuuang kita na higit sa $32,000. Para sa karagdagang kaalaman, tawagan ang toll-free number ng Internal Revenue Service sa **1-800-829-3676**.

## Mga benepisyo para sa iyong pamilya

Kapag ikaw ay nagsimulang tumanggap ng mga retirement o disability benefits mula sa Social Security, maaaring may karapatan para sa mga kabayaran din ang mga ibang miyembro ng iyong pamilya. Halimbawa, ang mga benepisiyo ay maaaring maibayad sa iyong asawa:

- Kung siya ay 62 taong gulang o mas matanda pa rito; o
- Anuman ang kanyang edad kung inaalaga niya ang iyong anak (ang anak na ito ay nararapat mas bata kaysa sa 16 taong gulang o may kapansanan at tumaanggap na ng mga benepisiyo ng Social Security sa iyong mga kinita).

Ang mga benepisiyo ay maaari ring maibayad sa iyong mga anak na walang asawa kung sila ay:

- Mas bata kaysa sa 18 taong gulang;
- Sa pagitan ng 18 at 19 taong gulang, ngunit nasa mababa (elementary) o sa mataas na paralan (high school) bilang mga full-time na mag-aaral; o
- 18 taong gulang o mas matanda at mayroong malubhang kapansanan (ang kapansanang ito ay dapat nag-umpisa bago sumapit ang kanilang ika-22 na kaarawan).

Kung ikaw ay naging magulang ng bata (kabilang na dito ang batang iyong inampon) pagkatapos kang nagsimulang tumanggap ng mga benepisiyo, sabihin mo to sa amin upang makapagpasiya kami kung ang bata ay may karapatang tumanggap ng benepisiyo.

### Gaano ang makukuha ng mga miyembro ng iyong pamilya?

Ang bawat miyembro ng iyong pamilya ay maaaring maging karapat-dapat para sa buwanang benepisiyo na ang halaga ay hanggang kalahati ng iyong retirement o disability benefit. Ganoon pa man, may hangganan ang kabuuan na maaaring ibayad sa iyo at sa iyong pamilya. Nag-iiba-iba ang hangganan, ngunit ito ay karaniwang katumbas ng 150 hanggang 180 porsiyento ng iyong retirement o disability benefit.

### Kung ikaw ay hiwalay (divorced)

Kung ikaw ay hiwalay, ang dati mong asawa ay maaaring may karapatan sa iyong mga benepisiyo sa iyong mga kinita. Sa ilang mga kaganapan, maaari siyang makakuha ng mga benepisiyo kahit hindi mo pa ito natatanggap. Upang maging karapat-dapat, kailangang ang hiwalay na asawa ay:

- Nanatiling kasal sa iyo ng 10 taon o higit;
- Ganap na hiwalay (divorced) ng dalawang taon o higit;
- 62 taong gulang man lamang;
- Hindi pa nag-asawang muli; at
- Walang karapatan para sa katumbas o mas mataas na benepisiyo batay na rin sa kanyang sariling trabaho o trabaho ng iba.

## Mga benepisiyo para sa mga nabalo at naulila

Kapag binawian ka ng buhay, maaaring may karapatan ang iyong pamilya para sa mga benepisiyo batay sa iyong mga kinita.

Kabilang sa mga miyembro ng iyong pamilya na maaring makakuha ng mga benepisiyo ang nabalo na:

- 60 taong gulang o higit; o
- 50 taong gulang o higit at may kapansanan; o
- May anumang edad kung inaalagaan niya ang iyong anak na mas bata kaysa sa 16 taong gulang o mayroong kapansanan at maaring tumaanggap batay sa iyong trabaho ng mga benepisiyo mula sa Social Security.

Ang iyong mga anak ay makakatanggap din ng mga benepisiyo kung sila ay wala pang asawa at:

- Hindi pa 18 taong gulang; o
- Nasa pagitan ng 18 at19 taong gulang, ngunit nasa mababa (elementary) o mataas (high school) na paaralan bilang full-time na mag-aaral; o
- 18 taong gulang o higit at may napakalubhang kapansanan (ang kapansanan ay dapat nag-umpisa bago sumapit ang kanilang ika-22 na kaarawan).

Dagdag pa dito, ang iyong mga magulang ay makakatanggap din ng mga benepisiyo sa iyong mga kinita kung sila ay umasa sa iyo para sa kalahati o higit ng kanilang suporta.

## Kabayaran pagkaraan ng pagpanaw

Kung mayroon kang sapat na credit, isang kabayaran sa halagang $255 ay maibibigay din pagkaraan ng iyong pagpanaw. Itong benepisiyo ay maaring ibayad sa iyong asawa o mga anak na hindi pa 18 taong gulang o higit kung natutugunan nila ang ilang mga tiyak na pangangailangan.

## Kung ikaw ay hiwalay (divorced)

Kung ikaw ay hiwalay (divorced), ang iyong dating asawa ay maaaring karapat-dapat tumanggap kapag ikaw ay namatay ng mga survivors benefits batay sa iyong mga kinita. Siya ay dapat:

- 60 taong gulang o higit (o 50 taong gulang kung may kapansanan) at kasal kayo ng10 taon man lang; o
- Anumang edad kung inaalagaan niya ang kanyang anak na maaring tumanggap ng mga benepisiyo batay sa iyong mga kinita; at
- Walang karapatan para sa katumbas o mas mataas na benepisiyo batay sa kanyang sariling kita; at
- Walang asawa sa kasalukuyan, maliban kung siya ay nag-asawang muli pagkatapos sumapit ang kanyang ika-60 na kaarawan o pagkatapos sumapit ang kanyang ika-50 na kaarawan kung mayroon siyang kapansanan.

Ang mga benepisyong matatanggap ng iyong dating asawa ay walang epekto sa taas ng mga benepisyo ng iyong mga ibang survivor na tumatanggap ng mga benepisyo batay sa iyong mga kinita.

***PAUNAWA:*** *Kung ikaw ay namatay at ang dati mong asawa ay nag-asawang muli pagkatapos sumapit ang kanyang ika-60 na kaarawan, siya ay maaaring makatanggap ng mga benepisiyo mula sa Social Security batay kapwa sa iyong mga kinita at sa kinita ng kanyang bagong asawa, alinman ang mas mataas.*

## Magkano naman kaya ang makukuha ng iyong mga survivors?

Ang iyong mga survivor ay makakatanggap ng isang porsiyento ng iyong basic Social Security benefit—bawat isa karaniwan sa pagitan ng 75 at 100 porsiyento. Ganoon pa man, mayroong hangganan ang halagang maibabayad bawat buwan sa isang pamilya. Pabago-bago ang hangganan, ngunit sa pangkalahatan katumbas ito humigit-kumulang sa 150 hanggang 180 porsiyento ng taas ng iyong benepisiyo (benefit rate).

## Kapag handa ka nang mag-apply para sa mga benepisiyo

Dapat kang mag-apply para sa mga benepisyo humigit-kumulang tatlong buwan bago sumapit ang petsa kung kailan mo gustong mag-umpisa ang iyong mga benepisiyo. Kung hindi ka lubos na handang magretiro, subalit iniisip mong gusto mong magretiro sa madaling

panahon, maaaring gusto mong pumunta sa website ng Social Security upang magamit ang aming maginhawang retirement planner na nagbibigay ng maraming impormasyon sa ***www.socialsecurity.gov.retire.*** Upang mag-apply para sa mga disability o survivors benefits, dapat kang mag-apply sa sandaling maari kang tumanggap ng mga benepisyo.

Maaari ka ring mag-apply para sa mga benepisiyo sa aming website ***www.socialsecurity.gov/applyforbenefits.***

Maari ka ring makakuha ng mabilis at madaling tantya ng iyong benepisiyo batay sa iyong aktwal na Social Security earnings record (ang iyong mga kitang nakatala sa amin) sa ***www.socialsecurity.gov/estimator***. Maari ka ring makakuha ng mas detalyadong kalkulasyon ng benepisiyo sa ***www.socialsecurity.gov/planners***.

## Ano ang iyong kakailanganin upang mag-apply

Kapag ikaw ay mag-a-apply para sa mga benepisiyo, ikaw ay hihilingin naming magbigay ng ilang tiyak na katunayan. Ang mga katibayang hihilingin namin ay depende sa tipo ng mga benepisiyong hihilingin mo. Kung maibibigay mo nang agaran sa amin ang mga katunayang ito, mas mapapabilis ang aming pagbayad ng iyong mga benepisiyo. Dapat kang magsumite ng mga orihinal na katunayan o mga kopyang pinagtibay ng tanggapang nagkaloob nito sa iyo—hindi kami maaring tumanggap ng mga kopya lamang.

Huwag ipagpaliban ang pag-apply dahil lamang hindi mo pa naipon ang lahat ng mga kinakailangang dokumento. Tutulungan ka naming kunin ang mga ito.

Narito ang mga ilan sa mga katunayang maaari mong kakailanganin kapag ikaaw ay magpapatala upang makatanggap ng Social Security;

- Ang iyong Social Security card (o tala ng iyong numero);
- Ang iyong birth certificate (katibayan ng iyong kapanganakan);
- Ang mga birth certificate ng iyong mga anak (kung ikaw ay nag-a-apply para sa kanila);
- Katibayan ng pagiging mamamayan ng Estado Unidos o legal na immigration status kung ikaw (o ang iyong anak) ay hindi ipinanganak sa Estados Unidos;
- Ang birth certificate at social security number ng iyong asawa kung siya ay nag-a-apply para sa mga benepisiyo batay sa iyong mga kinita;

- Marriage certificate (katibayan na kayo'y kinasal) (kung ikaw ay nagpapatala batay sa kinita ng iyong asawa o ang iyong asawa ay nagpapatala batay sa iyong mga kinita);
- Ang iyong mga militar na papeles ng pagkatiwalag sa militar (mga discharge papers) kung ikaw ay naglingkod sa militar; at
- Ang iyong pinakabagong W-2 form, o tax return (ulat ng iyong kita), kung pinaglilingkuran mo ang iyong sarili.

Sasabihin namin sa iyo kung kailangan mo ng iba pang mga dokumento kapag ikaw ay mag-a-apply.

## Paano namin ibinabayad ang mga benepisiyo

Kailangan mong tanggapin electronically (sa pamamagitan ng iyong bangko) ang iyong mga bayad mula sa Social Security. Ang "direct deposit" (deretsong deposito sa iyong kwenta sa bangko) ay isang paraan na maari mong piliin upang matanggap ang iyong mga benepisiyo. Ang direct deposit ay isang simple, ligtas at segurong paraan upang matanggap ang iyong mga benepisiyo. Paka-siguraduhing dalhin ang iyong checkbook o account statement (pakete ng mga tseke o ulat ng iyong kuwenta) kapag ikaw ay nag-a-apply. Kakailanganin namin ang impormasyong ito, gayundin ang routing number ng iyong bangko upang masigurado na ang buwanang benepisiyo ay madedeposito sa tamang account.

Kung wala kang account sa isang insitutusyong pinansiyal o mas gusto mong tanggapin ang iyong mga benepisiyo sa isang prepaid debit card, maari kang magpatala sa Direct Express® Card program. Sa Direct Express®, ang mga bayad ay dinederetso sa card account. Isa pang mapagpipiliang paraan ng pagtanggap ng mga bayad na maaari mong isiping gamitin ay isang Electronic Transfer Account. Sa pamamagitan nitong murang account na isineseguro ng pambansang pamahalaan, kusa at ligtas mong matatanggap ang iyong mga benepisiyo.

## Programa para sa Karagdagang Kitang Pangseguridad (Supplemental Security Income, SSI)

Kung ikaw ay tumatanggap ng mga benepisiyo mula sa Social Security, ngunit kakaunti ang iyong kinikita at ang iyong mga ari-arian, maaari kang matulungan ng SSI. Ang pera ng SSI ay nanggagaling sa mga pangkalahatang kita, at hindi mula sa mga buwis na kinokolekta ng Social Security.

Nagbibigay ang SSI buwan-buwan ng pera sa mga taong 65 na taong gulang o higit, bulag o may kapansanan. Hindi namin ibinibilang ang bahagi ng iyong kinikita at ilan sa iyong ari-arian kapag nagpapasiya kami kung ikaw ay may karapatan para sa SSI. Halimbawa, ang iyong bahay at sasakyan ay karaniwang hindi ibinibilang na ari-arian mo.

Tawagan kami upang makatanggap ng karagdagang impormasyon o upang mag-apply para sa SSI.

## Ang karapatang mag-apela

Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pasiyang nagawa sa iyong habol (claim), maari kang magsampa ng apela. Ang mga hakbang na dapat mong gawin ay ipinapaliwanag sa *Ang Proseso ng mga Apela* (Publikasyon Blg. 05-10041-TL).

Maari mong asikasuhin ang iyong sariling apela gamit ang libreng tulong mula sa Social Security o maari mong pasiyahin na gagamit ka ng kinatawan na tutulong sa iyo. Maari naming bigyan ka ng impormasyon tungkol sa mga kapisanang makakatulong sa iyong humanap ng kinatawan. May karagdagang impormasyon sa *Ang Karapatan Mong Gumamit ng Kinatawan* (Publikasyon Blg. 05-10075-TL).

## Medicare

Ang Medicare ay ang panimulang health insurance program (programa ng segurong pangkalusugan) ng ating bansa para sa mga taong 65 na taong gulang o higit at para sa maraming taong may kapansanan.

Huwag ka dapat malito sa Medicare at Medicaid. Ang Medicaid ay isang healthcare program (programa sa pangangalagang pangkalusugan) para sa mga taong kakaunti ang kita at limitado ang mga mapagkukunan. Karaniwan ay pinamamahalaan ito ng mga ahensiyang mapagkawang-gawa o nagbibigay ng mga serbisyong panlipunan (mga welfare o social services agencies) Ang ilang tao ay kwalipikado para alinman sa dalawa, habang ang iba naman ay kwalipikado para sa Medicare at Medicaid.

### Ang Medicare ay may apat na bahagi

- Segurong pang-ospital (Hospital Insurance, Part A) na tumutulong sa pagbayad ng pangangalaga kapag ang tao ay naging inpatient o napasok sa ospital at tumanggap ng mga tiyak na serbisyo pagkatapos ng kanyang pamamalagi sa ospital.

- Seguro para sa paggamot (Medical Insurance, Part B) na tumutulong naman sa pagbayad ng mga serbisyo ng mga manggagamot, pangangalaga sa ospital bilang outpatient (hindi namalagi sa ospital) , at iba pang mga serbisyong medikal.
- Mga MedicareAdvantage plan (Part C), na makukuha sa maraming pamayanan. Maaring pasiyahin ng mga taong may Part A at Part B na tatanggapin nila ang lahat ng kanilang mga serbisyo sa pangangalaga ng kanilang kalusugan (healthcare services) sa pamamagitan ng isang samahan ng mga pagamutan (provider organization) sa ilalim ng Part C.
- Prescription Drug Coverage (Sakop para sa May-resetang Gamot, Part D) na tumutulong sa pagbayad ng mga medisina na inireseta ng mga doktor para sa paggamot.

Sino ang karapat-dapat tumanggap ng segurong pang-ospital (Part A)?

## Karamihan ng mga tao ay nakakakuha ng segurong pang-ospital

kapag sumapit ang kanilang ika-65 na kaarawan. Kusa kang nagiging kwalipikado para sa Social Security o Railroad Retirement benefits. O maaari ka ring maging kwalipikado batay sa kinita ng iyong asawa (kabilang ang dati mong asawa). Ang iba naman ay nagiging kwalipikado dahil sila ay empleyado ng pamahalaan na hindi nasasaklawan ng Social Security, subalit nagbayad ng buwis sa Medicare.

Kung 24 buwan ka nang nakatanggap ng mga Social Security disability benefits, ikaw ay kwalipikadong tumanggap ng segurong pang-ospital.

Kung tumatanggap ka ng mga Social Security disability benefits dahil mayroon kang amyotrophic lateral sclerosis (Lou Gehrig's disease), hindi mo kailangang maghintay ng 24 buwan upang maging kwalipikado.

Gayundin, ang taong may permanent kidney failure (pirmihang kawalang-kaya sakit sa bato (kidney) na nangangailangan ng maintenance dialysis o kapalit na bato ay kwalipikadong tumanggap ng segurong pang-ospital kung siya ay nakapagtrabaho ng sapat na panahon o kung siya ay asawa o anak ng isang kwalipikadong manggagawa.

Kung hindi mo natutugunan itong mga pangangailangan, maaari mo pang makakuha ng segurong pang-ospital mula sa Medicare sa pamagitan ng pagbayad buwan-buwan ng premium. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa aming toll-free number o pumunta sa aming website.

## Sino ang maaring kumuha ng seguro para sa paggamot (Medical Insurance, Part B)?

Halos lahat ng taong kwalipikadong tumanggap ng segurong pang-ospital ay maaring magpatala para sa seguro para sa paggamot. Ang Part B ay hindi sapilitang programa. Hindi ito libre. Nitong 2012, ang karaniwang buwanang premiium ay $99.90. Ang ilang taong may mas mataas na kita ay nagbabayad ng mas mataas na premium.

## Sino ang maaring kumuha ng Medicare Advantage Plan (Part C)?

Kahit sinong may segurong pang-ospital (Part A) at seguro para sa paggamot (Part B) ay maaring makilahok sa isang Medicare Advantage Plan. Kabilang sa mga Medicare Advantage plan ang mga sumusunod:

- Mga Medicare managed care plan (mga planong may pangangasiwa ng pangangalaga);
- Mga Medicare preferred provider organization (PPO) plans (mga planong may mga samahan ng mga pagamutan);
- Mga Medicare private fee-for-service plans; at
- Mga Medicare specialty plans.

Dahil sa mga karagdagang benepisyo na ibinibigay ng isang Medicare Advantage plan, maaaring kakailanganin mong magbayad ng premium buwan-buwan.

## Sino ang maaring kumuha ng Medicare prescription drug coverage (Sakop para sa May-resetang Gamot, Part D)?

Sinumang may segurong pang-ospital mula sa Medicare (Part A) o seguro para sa paggamot (Part B) o isang Medical Advantage plan (Part C) ay maaring makakuha ng sakop para sa may-resetang gamot (Part D). Hindi sapilitan ang seguro para sa may-resetang gamot, at magbabayad ka ng karagdagang buwanang premium para sa sakop na ito. Ang ilang taong may mas mataas na kita ay magbabayad ng mas matataas na premium.

Para sa karagdagang impormasyon, humiling ng kopya ng *Medicare* (Publikasyon Blg. 05-10043-TL).

## Tulong sa mga gastos sa Medicare para sa mga taong mababa ang kita

Kung mababa ang iyong kita at kakaunti ang iyong mapagkukunan, maaaring bayaran ng estado ang iyong mga Medicare premium at, sa ilang mga kaso, ang ibang "out-of-pocket" na gastusin sa paggamot (mga gastos na kailangan mong bayaran), tulad ng mga deductible at coinsurance.

Tanging ang iyong estado ang makakapagpasiya kung ikaw ay kwalipikadong tumanggap ng tulong sa ilalim nitong programa. Kung sa iyong palagay ikaw ay kwalipikado, makipag-ugnay sa iyong state o medical assistance (Medicaid) agency ng iyong pamayanan, social services o welfare office.

## "Karagdagang tulong" sa pagtugon sa mga Medicare na pang-resetang gastos

Kung mababa ang iyong kinikita at kakaunti ang iyong mga mapagkukunan, sa ilalim ng Part D, maaari kang maging kwalipikadong tumanggap ng karagdagang tulong sa pagbayad ng iyong mga may-resetang gamot. Ang papel ng Social Security ay tulungan kang unawain kung papaano ka maaaring maging kwalipikado at ilakad ang iyong kahilingang tumanggap ng karagdagang tulong. Upang matiyak kung ikaw ay kwalipikado o para mag-apply, tawagan ang toll-free number ng Social Security o pumunta sa aming website.

# Mga ilang katotohanan tungkol sa Social Security

## Mga buwis na ibinabayad sa Social Security nitong 2012

- Ikaw ay nagbabayad ng 4.2 porsiyento at ang iyong pinaglilingkuran ay nagbabayad ng 6.2 porsiyento
- Kung pinaglilingkuran mo ang iyong sarili (ikaw ay self-employed), magbabayad ka ng 10.4 porsiyento
- Hindi ka magbabayad ng buwis sa Social Security para sa anumang kinita mo na higit sa $110,100

## Mga buwis na ibinabayad sa Medicare nitong 2012

- Ikaw at ang pinaglilingkuran ay parehong magbabayad ng 1.45 porsiyento
- Kung pinaglilingkuran mo ang iyong sarili (ikaw ay self-employed), magbabayad ka ng 2.9 porsiyento

- Ang mga buwis na ibinabayad sa Medicare ay ibinabayad sa lahat ng iyong mga kinita; wala itong hangganan

## Mga credit sa trabaho nitong 2012

- Para sa bawat $1,130 na kikitain mo, tatanggap ka ng isang Social Security "credit", hanggang apat bawat taon
- Ang karamihan ng tao ay mangangailangan ng 40 credit upang maging karapat-dapat tumanggap ng mga benepisiyo sa pagreretiro
- Nangangailangan naman ng mas kaunting credit ang mga mas nakababata upang maging kwalilipkadong tumanggap ng mga disability benefit (mga benepisyo para sa may kapansanan) o ang mga miyembro ng kanilang mga pamilya upang makatanggap ng mga survivors benefits (mga benepisiyo para sa mga nabalo o naulila).

## Pangkaraniwang buwanang benepisiyo mula sa Social Security nitong 2012

- Retiradong manggagawa: $1,229
- Retiradong mag-asawa: $1,994
- Manggagawang may kapansanan: $1,111
- Manggagawang may kapansanan, asawa at anak: $1,892
- Nabalo: $1,184
- Batang nabalo na may dalawang anak: $2,543

## Ang mga taas ng mga kabayaran mula sa SSI nitong 2012

- (hindi kabilang ang dagdag mula sa estado, kung mayroon man)
- $698 para sa iisang tao
- $1,048 para sa mag-asawa

www.socialsecurity.gov

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10024-TL
Understanding The Benefits (Tagalog)
March 2012